

Patakaran ng POS

Dahil sa mga pagbabago sa WIC Seksyon 4648.5, na nagbalik ng awtoridad na pondohan ang camping at mga nauugnay na gastusin sa pagbiyahe, pati na ang mga hindi medikal na therapy, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, pakikisalamuha sa espesyalista, sining, pagsasayaw, at musika.

Camp at Mga Nauugnay na Gastusin sa Pagbiyahe:

Maaaring bumili ang sentrong panrehiyon ng mga aktibidad sa camp at mga nauugnay na gastusin sa pagbiyahe para masuportahan ang Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan o IPP). Ang isang IPP ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong Tagakoordina ng Serbisyo. Maaaring ibigay ang camp sa isang outdoor o natural na setting, nang may pagbibigay-diin sa pagbuo ng kasanayan sa pakikipag-ugnay. Kung may bahagi ng camp na ibibigay sa isang indoor na setting, dapat naka-integrate ang setting (halimbawa: community recreation center, YMCA, atbp.). Pinapayagan ang camp bilang anyo ng pagpapahinga sa labas ng bahay.

Tutukuyin ang camp bilang alinman sa residensyal (dito tutuloy ang kliyente nang magdamag) o day camp (araw-araw na uwi ang kliyente). Babayaran ng Sentrong Panrehiyon ang camp ayon sa tinukoy sa IPP.

Papayagan ang mga gastusin sa pagbiyahe na nauugnay sa paghahatid at pagsundo ng miyembro ng pamilya sa kliyente sa camp site sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi.

Mga Hindi Medikal na Therapy:

Maaaring magbayad ang sentrong panrehiyon para sa mga may espesyalidad na therapy sa paglilibang at pagsasanay para sa mga kliyente at kanilang mga pamilya para masuportahan ang Plano ng Programa para sa Indibidwal (IPP). Ang isang IPP ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong Tagakoordina ng Serbisyo. Dapat idisenyo ang mga programa para mapataas at mapahusay ang antas ng interpersonal na kasanayan at pakikipag-ugnay ng kliyente. Dapat may kredensyal o lisensya ang isang vendor na ayon sa kinakailangan para sa pagsasapraktika sa larangan ng iniaalok na therapy, kung naaangkop. Dapat ibigay ng mga vendor ang serbisyo sa isang integrated na setting ng komunidad hangga't posible. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng mga hindi medikal na therapy ang, ngunit hindi limitado sa sining, pagsasayaw, musika, pangangabayo, at iba pang programa at therapy na nagbibigay-daan sa pagbuo ng interpersonal na kasanayan at pakikipag-ugnay.

Panlipunang Paglilibang

Nilalayon ang Programa ng Pagsasanay sa Pakikihalubilo para makapagbigay ng mga oportunidad sa pakikihalubilo at paglilibang sa mga consumer na inihahatid ng Inland Regional Center na may mga angkop na binalangkas na aktibidad sa pakikihalubilo batay sa mga pangangailangan, interes, at layunin na tinukoy sa IPP.

Magbibigay ang mga programa sa pakikihalubilo ng pagtuturo sa mismong sandali at pangangasiwa para maisulong ang inklusyon at pag-develop ng kasanayan. Dapat makapagpahusay at maka-develop ng mga makabuluhang interpersonal na ugnayan at mga pagkakataon para sa pagsasama-sama ang mga aktibidad sa pamamagitan ng pag-access sa pampublikong pasilidad para sa paglilibang at pagpapalipas ng oras. Hindi papalitan ng Pagsasanay sa Pakikihalubilo ang mga serbisyong available mula sa distrito ng lokal na paaralan.

Para sa mga indibidwal na nakaabot na sa kanilang mga itinakdang layunin para sa pakikisalamuhang pampalipas-oras, maaaring magbigay ng serbisyo sa pagpapanatili. Nilalayon ng serbisyo na mapatibay

ang mga kamakailang natamong kasanayan sa pakikisalamuha.

Maaaring humiling ng buwanang stipend para matulungan ang mga pamilya sa pagbabayad ng mga naka-integrate na aktibidad sa pakikisalamuha. Ang buwanang stipend ay nakabatay sa average na buwanang gastos ng mga lokal na aktibidad at hindi ito nilalayong maging kapalit ng mga natural na suporta ng consumer kundi binibigyang-daan nito ang lahat ng consumer na magkaroon ng kakayahang makagamit ng maraming oportunidad sa pakikisalamuha.

Dapat tukuyin ng Interdisciplinary Team ang mga pagbubukod na gagawin sa lahat ng mga pagbili ng serbisyo at dapat nakadokumento ito sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ng kliyente. Kung magkakaroon ng anumang hindi pagkakasundo tungkol sa mga serbisyo na hindi malulutas ng pangkat sa pagpapalano, magbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa mga karapatan sa pagdinig. (*WIC* §§ 4646(i) at 4710.5(a)).

Mga Serbisyong Pang-edukasyon

Maaaring pondohan ang Mga Serbisyong Pang-edukasyon para sa mga batang tatlo hanggang 17 taong gulang kapag natukoy ang pangangailangan sa IPP at natugunan ang mga sumusunod na kundisyon:

1. Hindi available ang serbisyo sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon at/o distrito ng paaralan.
2. Nagamit na ang lahat ng generic na resource.
3. Ang serbisyo ay hindi isang karaniwang responsibilidad ng magulang para sa mga menor de edad na bata.
4. Naisaalang-alang na ang pangangailangan ng consumer para sa hindi pangkaraniwang pangangalaga, mga suporta, at patnubay, at ang pangangailangan para sa napapanahong access sa ganitong pangangalaga.

Maaaring ma-access ang Pang-edukasyong Adbokasiya kapag sinubukan na ng Tagakoordina ng Mga Serbisyo para sa Consumer (Consumer Services Coordinator o CSC) na lutasin ang anumang karaingan at/o hindi pagkakaunawaan sa Distrito ng Paaralan ng consumer sa pamamagitan ng proseso ng IEP. Layunin ng serbisyong ito na mabigyan ang consumer ng pinahusay na adbokasiya sa tulong ng pamamagitan at mga apela.